8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 4

Aralin

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 4: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Angelita F. Aquino

**Tagasuri:** Amabel T. Siason

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa paggamit ng kalayaan sa mapanagutang pagsunod sa mga alituntunin sa bayan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng paggamit ng kalayaan sa mapanagutang pagsunod sa mga alituntunin sa bayan ayon sa kaniyang kakayahan upang malinang ang nasyonalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay ng nasyonalismo sa pamamagitan ng kahandaan sa kahihinatnan ng mga sariling pasya o kilos sa kapuwa mamamayan.<br>A. Nakapagpapahayag ng mga paraan ng paggamit ng kalayaan sa mapanagutang pagsunod sa mga alituntunin sa bayan.<br>B. Natutuklasan na ang paggamit ng kalayaan sa mapanagutang pagsunod sa mga alituntunin ay may kaakibat na tungkuling piliin at gawin ang mabuti para sa bayan.<br>C. Nailalapat ang mga paraan ng paggamit ng kalayaan sa mapanagutang pagsunod sa mga alituntunin sa bayan ayon sa kaniyang kakayahan |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | ***Nasyonalismo (Nationalism)*** |
| **E. Nilalaman** | Paggamit ng Kalayaan sa Mapanagutang Pagsunod sa mga Alituntunin sa Bayan |
| **F. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| 31239838 - Online Store. (n.d.). https://ranziemensah.org/product_details/31239838.html<br>Alituntunin: Monolingual Tagalog definition of the word alituntunin. (n.d.). TagalogDotCom. https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary/alituntunin#:~:text=Kahulugan%20ng%20alituntunin%3A&text=%5Bpangngalan%5D%20mga%20panuntunan%2C%20batas,kaayusan%20at%20katarungan%20sa%20lipunan.<br>Ang tunay na kalayaan. (n.d.). Retrieved June 5, 2024, from https://www.collegesidekick.com/study-docs/4960807 |

ng Nasyonalismo? Kahulugan at Halimbawa. (2023, September 10). Sanaysay Philippines. Retrieved from
Ano ang Batas? Kahulugan at Halimbawa. (2024, June 2). Sanaysay Philippines. https://www.sanaysay.ph/ano-ang-batas/#google_vignette
Anti-Hazing Act of 2018 (Republic Act 11053). (n.d.). Retrieved June 6, 2024, from https://www.facebook.com/permalink.php/?story_fbid=530709102508248&id=103772221868607
Batas Republika Bilang 9165 ng Pilipinas. (2023, December 14). Wikipedia, ang malayang ensiklopedya. https://tl.wikipedia.org/wiki/Batas_Republika_Bilang_9165_ng_Pilipinas#:~:text=Kilala%20sa%20tawag%20na%20Batas,paglaban%20sa%20ipinagbabawal%20na%20gamot.
File: Philippines road sign R3-10P1.svg - Wikimedia Commons. (2015, June 28). https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Philippines_road_sign_R3-10P1.svg
https://www.sanaysay.ph/ano-ang-nasyonalismo/
It (2023, February 23). Problems with No Parking Signs - SafetySign.com Blog. SafetySign.com Blog. https://www.safetysign.com/blog/problems-with-no-parking-signs/
Kalayaan. (n.d.). www.coursehero.com. Retrieved June 5, 2024, from https://www.coursehero.com/file/pk3h48f/Paano-mo-ilarawan-ang-kalayaan-batay-sa-kasalukuyang-sitwasyon-2-Ano-anong/#:~:text=Ang%20tunay%20na%20kalayaan%20ayon,kaniyang%20kapuwa%20sa%20buhay%20niya
Kar. (n.d.). Bawal Magtapon ng Basura #pasaway. Flickr. https://www.flickr.com/photos/53532826@N05/12708056325
Lenmontano. (2019, July 15). Anti-'bastos' law nilagdaan na ni Duterte. DZIQ Radyo Inquirer 990AM. https://radyo.inquirer.net/192062/anti-bastos-law-nilagdaan-na-ni-duterte
Pananagutan: Monolingual Tagalog definition of the word pananagutan. (n.d.). TagalogDotCom. https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary/pananagutan
Pettit, H. (2018, October 10). Falling rocks can explode more violently than any non-nuclear bomb on Earth. Mail Online.
Respicio, A. H. (2023, November 30). Anti-Bullying Laws in the Philippines. RESPICIO & CO. https://www.respicio.ph/features/anti-bullying-laws-in-the-philippines
Skyway enforcing 80 km/h temporary speed limit. (2021, May 24). philkotse.com. https://philkotse.com/market-news/skyway-80-kmh-temporary-speed-limit-10515

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Paano mo malilinang ang positibong disposisyon bilang isang kabataan? Sumulat ng tatlong paraan at lagyan ng isang makabuluhang halimbawa.<br>1. ____________________<br>Halimbawa:____________________<br>____________________<br>____________________<br>2. ____________________<br>Halimbawa:____________________<br>____________________<br>____________________<br>3. ____________________<br>Halimbawa:____________________<br>____________________<br>____________________ | Maglalaan ng 7-10 minuto para sa gawaing ito |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>***Road Signs***<br>Nakakakita ka ba ng mga *road signs* tuwing ikaw ay nagbibiyahe o naglalakad sa kalye? Mayroon ka bang ideya sa kahulugan ng mga palatandaang iyon? Tingnang mabuti ang bawat larawan at ibahagi sa klase kung ano ang kahulugan nito. Isulat ang iyong sagot sa patlang.<br>1.   ____________________<br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:UK_50_mph_speed_limit_sign_on_a_single-carriageway.jpg | ***Road Signs***<br>Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito<br>Sagot:<br>1. *Speed Limit*- hangganang bilis ng isang sasakyan<br>2. *No Parking* – bawal pumarada ang mga sasakyan<br>3. *Falling Rocks* - babala na maaaring may mahulog na mga bato habang dumadaan sa naturang lugar.<br>4. Bawal Tumawid - may mga bahagi sa kalsada na pilit ginagawang tawiran ng mga tao |

| | | |
|---|---|---|
| | 2.  ________________________________________<br>https://www.pexels.com/photo/no-parking-sign-under-white-cloudy-sky-9900035/<br><br>3.  ________________________________________<br>https://www.flickr.com/photos/jf-sebastian/6771538855<br><br>4.   ________________________________________<br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:3878Malolos_City_Public_transport_in_the_Philippines_during_the_pandemic_10.jpg<br><br>5.  ________________________________________<br>https://www.geograph.ie/reuse.php?id=2252775 | kahit hindi naman dapat. Nagiging sanhi upang masagasaan ang iba. Iminumungkahi na dumaan sa *overpass* o kaya sa *footbridge* upang makatawid ng ligtas sa kabilang bahagi ng kalsada.<br>5. *No Entry* – bawal pumasok o dumaan sa lugar na may ganitong karatula o paalala.<br><br>Ipaunawa sa mga mag-aaral na ang bawat isang Pilipino ay may tungkulin na dapat isabuhay. Isa na rito ay ang pagsunod sa alituntunin at batas ng pamayanan. Ang pagtalima sa mga batas na ito ay isang pagpapakita ng pagbibigay galang, pagpapalakas, at pagmamahal sa bayan. (nasyonalismo) |

| | | |
|---|---|---|
| | **Tanong:**<br>1. Ano ang mga dahilan kung bakit naglalagay ng mga *road signs*?<br>2. Base sa iyong obserbasyon, may istriktong pagpapatupad ba sa mga paalalang ito sa kalye? Bakit?<br>3. Nakasusunod ba ang lahat ng Pilipino sa mga simpleng patakarang inihahain ng pamahalaan? Kung hindi ang iyong sagot, ano sa tingin mo ang nagiging balakid sa kanilang pagsunod?<br>4. Ano ang kahihinatnan kung patuloy na babalewalain ng mga tao ang mga paalala o karatula sa kalye?<br>5. Ang pagsunod ba sa mga alituntunin o patakaran sa ating paligid ay isang halimbawa ng nasyonalismo? Pangatuwiranan ang sagot.<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Panuto:** Ano ang pakahulugan mo sa mga sumusunod na salita? Gamitin ang mga ito sa pagbuo ng makabuluhang pangungusap.<br><br>1. Tunay na Kalayaan<br>________________________________________<br>2. Pananagutan<br>________________________________________<br>3. Alituntunin<br>________________________________________<br>4. Nasyonalismo<br>________________________________________<br>5. Batas<br>________________________________________ | **Paghawan ng Bokabolaryo**<br>Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito<br>Sagot:<br>1. Tunay na Kalayaan - ang paggawa ng kabutihan na naaayon sa tama.<br>2. Pananagutan - ang pagiging responsable sa anumang resulta ng kilos o desisyon sa aspektong moral, legal, o sosyal.<br>3. Alituntunin - mga panuntunan, batas, o gabay na sinusundan para sa maayos na pagkilos, pagpapatakbo ng gawain, organisasyon, at kaayusan at katarungan sa lipunan.<br>4.Nasyonalismo - isang konsepto na naglalayong ipahayag at itaguyod ang pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling bansa.<br>5. Batas - nagbibigay ng mga alituntunin at regulasyon na nagpapahayag ng mga karapatan at responsibilidad ng mga mamamayan. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mga Paraan ng Paggamit ng Kalayaan sa Mapanagutang Pagsunod sa mga Alituntunin sa Bayan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ano ang kahulugan ng kalayaan? | Maglaan ng tatlong minuto upang makapagpalitan ng kuru-kuro ang mga mag-aaral sa kahulugan ng kalayaan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, "Ang kalayaan ay ang katangian ng kilos-loob na itakda ng tao ang kaniyang kilos tungo sa kaniyang maaaring hantungan at ang itakda ang paraan upang makamit ito."<br><br>Ayon naman sa paliwanag ni Robert Johann, isang pilosopong moral. "Ang salitang kalayaan ay karaniwang gumigising sa puso ng bawat tao. Ipinaglalaban ng bawat tao ang kaniyang karapatang mabuhay at magpasya ayon sa kaniyang nais, sa pangangatwirang walang panlabas na hadlang na sisirain sa paggawa niya nito. Ito ang madalas na iniisip ng tao tungkol sa kalayaan – ang paggawa ng isang bagay na nais niyang gawin o ang karapatang sabihin ang anumang bagay na nais niyang sabihin."<br><br>Ipinaliwanag din niya na ang malayang kilos ay may kalakip na pananagutan. Ang kalayaan ay nakakabit sa sarili ng tao, sa kaniyang kakayahang kumilos, sa kaniyang sariling kagustuhan, sa pagsasabi ng oo o hindi sa mga nakapalibot sa kaniya at sa kaniyang pagpapasya kung ano ang kaniyang gagawin. (Kalayaan, n.d.)<br><br>Ibig sabihin lamang nito na ang tao ay malayang gawin ang kaniyang naisin at piliin ang kaniyang gusto. Ngunit dapat lagi siyang maging handa sa pagharap sa kahihinatnan nito. Halimbawa, sa panahon ng pagsusulit ay mas pinili mong maglaro ng *online games* kaysa mag *review* dahilan kung bakit ikaw ang nakatanggap ng pinakamababang iskor sa inyong klase. Nag-alala ka kung paano mo ito ipaliliwanag sa iyong mga magulang. Mayroon ka bang pananagutan sa situwasyong ito? Kung ang iyong sagot ay "Opo", tama ka. Tandaan mo na malaya mong pinili ang maglaro kaysa sa mag *review* kung kaya't may pananagutan ka sa naging resulta ng iyong aksiyon. Ano ang maaari mong gawin pagkatapos? Mahusay ang iyong sagot kung sasabihin mong hindi mo na uulitin ang iyong ginawang pagbabalewala sa inyong pagsusulit, mag-aaral ka nang mabuti, sisikaping mapataas ang iskor sa susunod na pagsusulit, at hihingi ng paumanhin sa magulang sa nagawang pagkukulang.<br><br>Ang ating kalayaan sa paggawa at pagpili ng ating gusto ay may limitasyon. Ang paggawa ng mali ay nagbibigay alalahanin sa isip. Nababagabag tayo kapag mayroon tayong ginawang masama sa ating kapuwa o mayroon tayong obligasyon na hindi natupad. | Maaari silang magbigay ng halimbawa nito. |

Balikan natin ang halimbawa sa itaas. Nagamit mo ang iyong kalayaan nung pinili mong maglaro kaysa mag-*review*. Nag-enjoy ka sa paglalaro ng mga oras na iyon. Ngunit marahil sa araw ng pagsusulit ay hindi ka mapakali, balisang-balisa ka dahil hindi mo alam ang tamang sagot sa mga katanungan. Kung tutuusin ay naging malaya ka dahil pinili mo ang gusto mong gawin, iyon ay ang paglalaro ngunit sa bandang huli ay nakapagdulot ng pagkabagabag sa iyo. Iyon ba ang tunay na kahulugan ng kalayaan?

"Ang tunay na kalayaan ay ang paggawa ng kabutihan na naaayon sa tama, nararapat, at nakaayon sa batas ng tao at Diyos. Nakakamtan ang tunay na diwa nito sa pamamagitan ng pagkilala sa sariling hangganan. Pagsunod sa batas at hihinuha ng kabutihan sa iyong kapuwa (Ang Tunay Na Kalayaan, n.d.)." Kapag gumagawa ka ng tama at nagagampanan mo ang iyong mga obligasyon para sa iyong sarili, para sa iyong kapuwa, at bayan nagkakaroon ka ng kapanatagan. Iyon ang tunay na kalayaan.

**IKALAWANG ARAW**

Marami ang paraan ng paggamit ng kalayaan sa mapanagutang pagsunod sa mga alituntunin sa bayan. Narito ang ilan sa mga ito.

**1. Paggiging Matapat sa Pagsunod sa mga Batas**

Ang pagsunod sa batas na ipinaiiral sa pamayanan ay inaasahang matapat na susundin ng tao. Gamit ang kaniyang kalayaan, naitatalaga ng tao ang kaniyang pagtalima sa mga alituntunin na makatutulong sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan ng bansa. Ang pagsunod sa mga batas ng bayan ay sumusuporta sa diwa ng Nasyonalismo. Isang konsepto na naglalayong ipahayag at itaguyod ang pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling bansa.

**2. Paggalang sa Karapatan ng Kapuwa**

Ang lahat ng tao ay may dignidad at karapatan na dapat pahalagahan ng bawat isa. Ang karapatang ito ay dapat isaalang-alang sa lahat ng oras. Ang bawat isa ay may kalayaang ipakita ang paggalang sa kapuwa ano man ang salita, kulay, kultura o lahing pinanggalingan nito.

**3. Pakikilahok sa mga Gawain ng Pagtulong sa Kapuwa**

Isang mahalagang alituntunin ng bayan ay ang pagtulong sa kapuwa. Ang bawat isa ay may kalayaang magbigay ng kalinga at malasakit lalo na sa mga mahihirap.

| | | |
|---|---|---|
| | Ang pagtulong ay maaaring sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga programang inilunsad ng pamahalaan o kaya naman ay sa mga gawaing pinamumunuan ang mga pribadong samahan.<br><br>**4. Partisipasyon sa Prosesong Pampolitika**<br>Ang bawat Pilipino ay may kalayaang bumoto, makilahok sa mga pagtitipon at magbigay ng makabuluhang komento tungkol sa mga isyung nagaganap sa bansa. Kabilang sa kalayaang ito ang pagpili ng mga aksiyong magpapanatili sa kalinisan ng pagboto at kabutihan ng hangarin sa pakikilahok sa usaping panlipunan.<br><br>**5. Pangangalaga sa Kalikasan**<br>May mga alituntunin ang bansa patungkol sa pangangalaga ng kalikasan at kapaligiran. Ilan sa mga ito ay ang tamang pagtatapon ng basura, regulasyon sa pagmimina, pagpapanatili ng malinis na tubig, pangangalaga sa mga hayop, pagprotekta sa mga gubat at pamamahala sa ekosistema ng bansa. Ang lahat ay may kalayaang sumuporta sa mga programang nangangalaga sa kalikasan.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Pagsasanay ng Nasyonalismo**<br>Panuto: Suriin ang situwasyon at sagutin ang mga katanungan sa ibaba.<br><br>Naging ugali na ni Gilbert ang magsulat sa *armchair* ng kaniyang inuupuan sa klase. Minsan pa nga ay maseselang bahagi ng katawan ang iginuguhit niya dito. Alam ni Gilbert na mali ang kaniyang ginagawa ngunit dahil nag-e*enjoy* siya, mas pinipili niyang gawin ito ng pauli-ulit. Minsan ay nahuli siya ng kaniyang guro at ini-report agad sa *Discipline Office* ang kaniyang ginawa.<br><br>**Pamprosesong Tanong:**<br>1. Mayroon bang pananagutan si Gilbert sa kaniyang ginawa? Bakit<br>2. Kung ikaw si Gilbert, paano mo pananagutan ang iyong ginawa?<br>3.Maipapalagay mo ba na ang kilos ay paglabag sa nasyonalismo? Bakit?<br>4. Mahalaga ba ang pagiging tunay na malaya sa pagsasabuhay ng nasyonalismo? Bakit?<br>5. Ano ang dapat gawin upang patuloy mong matamasa ang tunay na kalayaan? | **Pagsasanay ng Nasyonalismo**<br>Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Pagtugon sa Alituntunin ng Bayan**

Panuto: Tingnang mabuti ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba.




https://www.flickr.com/photos/53532826@N05/12708056325

**Prosesong Tanong**:
1. Ano ang kapansin-pansin sa larawan?
2. Bilang isang taong may kalayaan, paano ka tutugon sa karatulang nakasulat?
3. Tunay bang malaya ang isang taong hindi sumusunod sa mga alituntunin ng bayan? Pangatuwiranan ang sagot.
4. Maituturing bang nasyonalismo ang tamang pagtatapon ng basura? Ipaliwanag.
5. Paanong ang pagsunod sa batas ay naging halimbawa ng nasyonalismo?

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Pagsasabuhay ng Kalayaan sa Mapanagutang Pagsunod sa mga Alituntunin sa Bayan ayon sa Kakayahan**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Bawat Pilipino ay may kaniya-kaniyang pananagutan tungkol sa pagsunod sa mga alituntunin sa bayan. Nagkakaiba-iba ito ayon sa kultura, edukasyon, edad, ekonomiya, o estado sa lipunan. Halimbawa, ang isang taong may mataas na katungkulan sa pamahalaan ay mayroong mas malaking pananagutan sa batas

**Pagtugon sa Alituntunin ng Bayan**
Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito.

kaysa sa isang mag-aaral na nasa ikawalong baitang sa *Junior High School.* Ang kanilang magkaibang kalagayan sa lipunan ay maaaring magdulot ng pagkakaiba sa kanilang pang-unawa sa mga alituntunin ng bayan at sa pagsunod dito.

Gayunpaman, hindi ibig sabihin na wala ng gampanin ang isang kabataan. Siya rin ay may kalayaang tumugon sa alituntunin ng bayan ayon sa kaniyang kakayahan. Ang mga kabataan ay may maraming tungkulin sa lipunang gingalawan na kanilang ginagampanan para sa ikabubuti at ikauunlad ng bansa.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga alituntunin o batas na ipinapairal sa bansa na inaasahang sinusunod ng mga kabataan:

***Anti-Bullying Act of 2013 (Republic Act 10627)***
"Ito ang pangunahing batas na tumutugon sa *bullying*, partikular sa konteksto ng mga paaralan. Layunin ng batas na ito na protektahan ang mga estudyante mula sa *bullying* sa loob ng mga *educational institutions*."(Respicio, 2023)

***Anti-Drug Abuse Act of 2002 (Republic Act 9165)***
"Nilalayon ng batas na ito ang mahigpit na paglaban sa ipinagbabawal na gamot." (Batas Republika Bilang 9165 Ng Pilipinas, 2023) Kabilang sa batas na ito ang pagbabawal sa paggamit, pagtutulak, pagtatanim, at iba pang kaugnay na gawain sa iligal na droga. Malaking tulong ang batas na ito para makaiwas ang mga kabataan sa pagkalulong sa ipinagbabawal na gamot. Inaasahan ang lahat ng kabataan na tumugon sa batas na ito.

***Anti-Hazing Act of 2018 (Republic Act 11053)***
Inilatag sa batas na ito ang mga ipinagbabawal na *initiation rites*, tulad ng mga sumusunod:
- *Paddling*
- Paglalatigo
- Pambubugbog
- Pagpaso
- Sapilitang pagpapaehersisyo
- Pagpapabilad sa matinding araw
- Sapilitang pagpapakain o pagpapainom ng anumang bagay (e.g. pagkain, droga)
- Iba pang brutal na karahasan na maaaring magdulot ng pisikal o sikolohikal na pinsala at kahihiyan sa isang *neophyte*, *recruit*, aplikante, o miyembro ng isang

organisasyon. Ipinagbabawal nito ang anumang uri ng *hazing* o pagpapahirap sa mga *fraternity*, *sorority*, at iba pang organisasyon. (Anti-Hazing Act of 2018 (Republic Act 11053), n.d.)

***Safe Spaces Act o Bawal Bastos Law (Republic Act 11313)***
Sa ilalim ng Republic Act 11313, bawal na ang "c*atcalling*" o pagsipol, panghihipo, mga *homophobic*, *transphobic*, o *misogynistic remarks* o mga negatibo at seksuwal na patutsada sa mga mga babae at maging miyembro ng LGBT *community*.

Layunin ng batas na labanan ang *gender-based sexual harassment* sa kalsada, *public places, online, workplaces at educational at training institutions*." (Lenmontano, 2019)

Ang mga tungkuling nabanggit sa itaas ay dapat gampanan sa ating lipunan lalo na ng mga kabataan. Ang biyaya ng kalayaang makapag-isip at makakilos ay gamitin sa mga gawaing may makabuluhang patutunguhan

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Kamalayan Bilang Kabataan**

**Panuto:** Ano-ano ang mga alituntunin ng bayan na iyo nang naisasagawa bilang isang kabataan? Isulat sa kahon.

**Pamprosesong Tanong:**
1. Ano ang pangunahing alituntunin ng bayan ang iyong naisasabuhay?
2. Bakit kailangan mong maging mapanagutan sa pagsunod sa nasabing alituntunin?
3. Ano ang kahihinatnan kung hindi mapananagutan ng isang kabataan ang kaniyang kilos?

**Kamalayan Bilang Kabataan**
Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito.

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Bakit mahalagang ngayon pa lamang ay maunawaan mo na ang mga alituntunin ng bansa at ang mapanagutang pagsunod dito?<br>5. Alin sa mga mabibigat na alituntunin ang dapat paghandaan ng isang kabataang katulad mo upang maging mapanagutan sa hinaharap?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>***All for one, One for All***<br><br>Mekaniks:<br>1. Bumuo ng pangkat na may tatlo hanggang limang kasapi.<br>2. Magtalaga ng gawain para sa bawat isa.<br>2. Pumili ng isang alituntunin ng bayan na nais ninyong isulong sa loob ng paaralan.<br>3. Lumikha ng mga makabuluhang gawain para dito. Halimbawa ay "*Appreciation Day*", kung saan ang bawat mag-aaral ay gagawa ng simpleng mensahe ng pasasalamat sa mga kaklase, kaibigan, guro, magulang, o *school staff* na nagtataguyod ng kalinisan at kalusugan ng kapaligiran. Maaari silang magdikit sa angkop na *bulletin board* o ibibigay ng direkta sa taong gustong pag-abutan nito. Ito ay tugon sa Anti-Bullying Act of 2013 (Republic Act 10627) kung saan bibigyan ng pagpapahalaga ang kagandahan at kabutihan ng isang tao.<br>4. Maaari kayong humingi ng suporta sa pamunuan ng Student Council para masiguro ang partisipasyon ng lahat.<br><br>Rubrik:<br><table><tr><td>Nilalaman</td><td>Malinaw na naisagawa ang layunin ng gawain. Naisusulong nito ang nasyonalismo at paggamit ng kalayaan sa mapanagutang pagsunod sa mga alituntunin sa bayan.</td><td>15</td></tr><tr><td>Koordinasyon</td><td>Ang proseso ay kakikitaan ng maingat na paghahanda at wastong pakikipag-ugnayan.</td><td>10</td></tr><tr><td>Impak</td><td>Nakapaghihikayat ng masiglang pakikilahok upang mahimok ang iba na maging mapanagutan sa paggamit ng kalayaan.</td><td>15</td></tr><tr><td>Kooperasyon</td><td>Ang bawat kasapi ng pangkat ay nag-ambag sa ikatatagumpay ng gawain.</td><td>10</td></tr><tr><td></td><td>Kabuoang Iskor</td><td>50</td></tr></table> | ***All for one, One for All***<br>Bigyan ng oras ang mga mag-aaral upang makapagplano at magawa ang pangkatang gawain Maglaan ng 20 minuto para dito. |

<table>
<tr><td></td><td>Gumawa ng isang repleksiyon tungkol sa gawaing isinakatuparan.<br>Gabay na Tanong: Paano makakahikayat sa iba ang gawain upang mapukaw ang damdaming nasyonalismo at maging mapanagutan sa paggamit ng kalayaan at pagsunod sa mga alituntunin ng lipunan?</td><td></td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat</td><td>IKAAPAT NA ARAW<br>1. Pabaong Pagkatuto<br>Ano ang kahulugan ng tunay na kalayaan?<br>______________________________<br>______________________________<br>2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>Paano mo gagamitin ang iyong kalayaan sa pagsasabuhay ng nasyonalismo at mapanagutang pagsunod sa mga alituntunin?<br>______________________________</td><td></td></tr>
</table>

<table>
<tr><td colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</td><td>MGA TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">1. Pagsusulit<br>I. Panuto: Paano ka tutugon sa mga sumusunod na alituntunin ng bayan na sumusuporta sa diwa ng nasyonalismo? Magbigay ng kongkretong halimbawa.<br><table><tr><th>Mga Alituntunin</th><th>Halimbawa</th></tr><tr><td>1. Pagsunod sa Batas</td><td></td></tr><tr><td>2. Paggalang sa Karapatan ng Kapuwa</td><td></td></tr><tr><td>3. Pangangalaga sa Kalikasan</td><td></td></tr><tr><td>4. Pagtulong sa Kapuwa</td><td></td></tr><tr><td>5. Pangangalaga sa Pag-aari ng Bayan</td><td></td></tr></table><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Gumawa ng isang makabuluhang gawain sa inyong lugar na tiyak na nagpapakita ng pagmamahal sa bayan o kapuwa Pilipino na makikinabang ang iyong mga kapitbahay. Ang gawain ay dapat na naaayon lamang sa iyong kakayahan. Ibahagi mo ang iyong magiging karanasan sa susunod na pagkikita.</td><td></td></tr>
<tr><td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **alinmang sumusunod na bahagi.** | | | obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |